TSEKEN
LINISIN
PAALISIN

Ang inyong Patnubay sa Pagesporta ng Kargong Pandagat sa New Zealand

TSEKEN

LINISIN

PAALISIN

Mga kargadong pandagat na malinis at libre sa kontaminasyon

Mga instruksiyon para sa mga empakador at esporter sa New Zealand

Nabubukod na islang nasyon ang New Zealand na lubos na umaasa sa mga sektor na pang-agrikultura, hortikultura, panggugubat at turismo.

Napakalaki ng importansiya sa mga tao sa New Zealand na ang kanilang bansang bukod tanging kapaligiran, pagkakaiba-iba ng biyolohiya at sekuridad pang ekonomiya ay protektado sa mga kakaibang peste at mga sakit na naninirahan sa ibang bansa.

Nagimplementa ang New Zealand ng may kahigpitan sa mga pamamaraang pangkuwarantenas at mga pangangalaga sa pagimporta ng mga kargado at kargamentong pandagat.

Ang brosyur na ito ay nagbibigay ng impormasyon kakailanganin ninyong gawin upang makatulong sa pagpapanatiling libre ang New Zealand sa mga hindi kanais-nais na mga sakit at peste sa pamamagitan ng pagsisiguro na ang mga kargadong pandagat ay malilinis at libre sa kontaminasyon bago ipadala sa New Zealand.

Ang hindi pagsunod sa mga kailangang ito ay maaaring maging sanhi ng maykatagalang pagkaantala at kalakihang gastos habang ang kargo ay pinanghahawakan para ma-inspeksiyon, malinis at mabigyan ng iba pang trato.

Ang pagsunod sa mga instruksiyon sa ibaba ay magandang praktis sa pagnenegosyo at makakatulong na mapabilis ang pagpasok ng mga kargo at ng mga nilalaman nito sa New Zealand.

Mga Kinakailangan sa Pag-inspeksiyon bago magpadala sa Kabilang Dagat: Kondisyong Panloob ng mga Kargong Pandagat

Bago magkarga kinakailangan alisin ng mag-eesporter o empakador ang lahat ng materyal, tiyakin na ang mga kargado ay malinis at tseking maigi kung may mga makakahawang kontaminasyon tulad ng :

- mga hayop
- insekto at iba pang maliliit na hayop
- bahay itlogan ng mga insekto
- alinman materyal na nagmula sa hayop kabilang na ang dugo, mga buto, laman, buhok, at mga balahibo
- mga halaman at produktong galing sa halaman kabilang na ang mga prutas, buto, dahon, yagit, ugat at balat ng kahoy
- tubig at o dili kaya lupa

Habang kinakarga, siguraduhin lamang na ang kargo ay hindi magkaroon ng kontaminasyon ng lupa na nagmula sa gulong ng sasakyang pangkarga o mula sa kasuotang pampaa.

- huwag iwanan bukas ng matagalan o magdamagan ang mga pintuan ng kargo dahil sa maaari itong pasukin ng mga peste
- walang pinagbabawal na mga kagamitan sa pag-eempake tulad ng dayami, gamit na gulong at lumot
- kung ang ginamit na pang-empake ay nagmula sa kahoy o manyur (halimbawa mga banig, kahon) kinakailangan ang timber ay bago, hindi basa, walang insekto o mga marka na ito ay sinalakay ng insekto, balat-kahoy, onggo, pagkabulok o pagkasira.
- Pinakamahusay ang ginamot na timbre. Ang pamamaraan ng paggamot ay kinakailangang nakasalaysay sa nakasamang dokumentong pangkargado.
- Bibigyan ng preperensyal sa pagpasok sa New Zealand ang mga pinang-empakeng nagamot na.
- Tiyakin na ang mga lugar paglulunan ng kargado ay libre sa mga peste.

Kondisyong Panlabas ng mga Kargong Pandagat

Kinakailangan na ang mga kargado ay mailulan sa matatag, saradong kalatagan para mapanatili itong malinis at kung maaari libre sa kontaminasyon. Ang eksteryor ng lahat ng mga kargadong pandagat ay kinakailangan malinis at libre sa mga pesteng tulad ng:

- mga masa ng itlog
- damo
- mga insekto o mga peste
- mga pugad
- mga buto
- mga suso
- lupa
- mga bahay-gagamba

Malinis na Panloob

Kinakailangan na ang kargado ay malinis at walang ipapakitang marka ng kahit na anong kontaminasyon.

? OK paalisin

Madumi na Panloob

Kung ang kargado ay marumi o nagpapakita ng marka ng kontaminasyon ito ay hindi maaaring paalisin.

? Huwag paalisin

Pang-empakeng ginamitan ng kahoy:balat ng kahoy, pagkabulok, molde at sira ng insekto

Kung ang kahoy na ginamit na pangempake ay nagpapakita ng mga markang nabanggit kinakailangan ito ay maalis sa kargado.

? Huwag paalisin

Malinis na Panlabas

Kinakailangan na ang kargado ay malinis at walang ipapakitang marka ng kahit na anong kontaminasyon.

? OK paalisin

Marumi na Panloob

Kung ang kargado ay marumi o nagpapakita ng mga marka ng kontaminasyon ito ay hindi maaaring paalisin.

? Huwag paalisin

Panlabas na may Kontaminasyon

Kung ang kargado ay hindi malinis o nagpapakita ng mga marka ng kontaminasyon ito ay hindi maaaring paalisin

? Huwag paalisin

Sertipikasyon ng nga Kargadong Pandagat

Kinakailangan na kumpletohin ng empakador o esporter ang mga papeles ukol sa deklarasyong pangkuwarentenas para sa pagpapadala ng lahat ng mga kargado sa New Zealand.

Ang esporter ay may pananagutan na ibigay sa mang-aangkat o sa kanilang ahente sa New Zealand ang mga sumusunod na impormasyon:

- numero ng kargado
- pinagmulan (bansa kung saan inempake ang kargado)
- daungan kung saan ang kargado ay unang nilulan sa sasakyang pandagat upang maipadala sa New Zealand.
- pangalan at tirahan ng esporter
- pangalan at tirahan ng mang-aangkat
- patutunguhan tirahan sa New Zealand para sa kargado at mga nilalaman nito (kinakailangan na ito ay sa isang aprobadong pasilidad na ginagamit pansamantala o bodega ng mga kargado)
- kumpleto at tamang paglalarawan ng mga nilalaman nito kasama na ang mga ginamit sa pag-eempake
- deklarasyon pangkuwarentenas na maaring makuha sa: **http://www.maf.govt.nz/transitional-facilities**
- sertipikasyon ng paggamot (kung kailangan)
- kung ang kargo o kargado ay napausukan, kinakailangan na ang pangpausuk na ginamit, ang oras, temperatura at ang konsentrasyon nito ay mailahad sa akompaniyang sertipiko.

Ang mga kargadong nagkukulang sa impormasyong nabanggit ay ipagpapalagay na lubhang mapanganib at maaring maantala at mabigyan ng karagdagang inspeksyon at mga gastos sa paggamot.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga palakad ng New Zealand na kaugnay sa pag-aangkat ng mga kargadong pandagat maari lamang pong bisitahin ang:
http://www.maf.govt.nz/transitional-facilities
o kontakin **mqsdata@maf.govt.nz**

MAF
Ministry of Agriculture and Forestry
Te Manatu Ahuwhenua, Ngaherehere

Protect New Zealand
Tiakina Aotearoa
www.protectnz.org.nz

Halimbawa ng Deklarasyon Pankuwarentenas

Deklarasyon Pangkuwarentenas na Magaakompaniya sa mga Kargadong patungo sa New Zealand

Punong Liham ng Mageempake o Esporter

Deklarasyon Pankuwarentenas para sa mga Kargado

Pangalan ng sasakyang-dagat

Bilang ng paglalakbay

Bilang o mga bilang ng kargado

Kalinisan at Pinagbabawal na Empake at Deklarasyon ng Pagempake

1.Kalinisan

Habang ine-empake ang kargado o mga kargadong ito ay siniyasat sa loob at labas, at malinis at libre sa kontaminasyon ng mga buhay na organismo, materyales na magmula sa halaman o hayop, lupa at tubig.

OO ○ HINDI ○

2.Materyales na ginamit sa Pag-eempake

Mayroon bang lupa, bagong berde o may kontaminasyon na lumot, materyales na pansako na gamit na, dayami, istro, ipa o alin mang materyales sa pag-eempake na may kontaminasyon ng mga nabanggit sa itaas ang siyang ginamit sa loob ng kargado o mga kargadong nabanggit sa itaas?

OO ○ HINDI ○

3.Pag-eempake na ginamitan ng Kahoy

Mayroon ba kayong ginamit na kahoy sa pag-eempake sa loob ng kargado o mga kargado tulad ng mga kahon, kanasto, banig o kahoy upang ihiwalay, bigkisan, proteksiyonan o tibayan ang dalahing kargado?

OO ○ HINDI ○

3a. Kung Oo sa 3 sa itaas, ginamot ba ninyo ang kahoy?

OO ○ HINDI ○

3b. Kung Oo sa 3 sa itaas, papaano ninyong ginamot ang kahoy?

Isulat ang sagot sa kahon 3b

3c. Ang sertipikasyon ba sa paggamot ng nabanggit na kahoy ay maaring makuha?

(ikabit ang kopya ng sertipikasyon ng paggamot)

OO ○ HINDI ○

Pinatutunayan ko na ang mga nasa itaas ay tunay at tama .

Lagda

Pangalan

Designasyon

Petsa

Kung ang mga impormasyon na kinakailangan sa itaas ay hindi maibigay o natagpuan na may pagkakamali, ito ay maaaring mag-resulta sa pagkaantala at dagdag na gastos pagdating sa New Zealand. Makakakuha kayo ng kopya nitong deklarasyon sa: **http://www.maf.govt.nz/transitional-facilities**